Ang sinumang maggagarantiya sa akin [na mag-ingat] ng nasa pagitan ng bigote at balbas niya at ng nasa pagitan ng mga hita niya, maggagarantiya ako sa kanya ng Paraiso."}

Ayon kay Sahl bin Sa`d (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang maggagarantiya sa akin [na mag-ingat] ng nasa pagitan ng bigote at balbas niya at ng nasa pagitan ng mga hita niya, maggagarantiya ako sa kanya ng Paraiso."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa dalawang bagay na kapag nanatili ang Muslim sa dalawang ito, tunay na siya ay papasok sa Paraiso: UNA: Ang pag-iingat sa dila laban sa pagsasalita ng nagpapagalit kay Allāh (napakataas Siya); IKALAWA: ang pag-iingat sa ari laban sa pagkakasadlak sa mahalay dahil ang dalawang bahaging ito ay madalas sa pagkakasadlak sa mga pagsuway.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3475